(Pampublikong Samahan ) Asosasyong Pandaigdig sa Lungsod ng Kawasaki

KIAN

# Kumusta Kawasaki

Nakalathala sa Nihonggo･Ingles･Intsik･Korean/Tsosen･Espanyol･Portugis･Filipino･Betnamis･Taylandis･Indonisya･Nepalis at Madaling-Hapon
Makikita rin sa website ng asosasyon https://www.kian.or.jp/hlkwsk.html

〒211-0033 2-2 Kizuki Gioncho, Nakahara-ku, Kawasaki-shi, Kanagawa Pref.
Tel:044-435-7000 Fax:044-435-7010 https://www.kian.or.jp/ E-mail:kiankawasaki@kian.or.jp

*******************************************************************************************

## Orientasyon sa pagpasok sa elementarya ng mga batang konektado sa dayuhan

"Ano ang elementarya sa Japan？", "Hindi ako marunong maghapon、dumalo man ako sa orientasyon di ko rin naman maiintindihan...." at ibp.

Sasagutin namin ang inyong mga katanungan sa pagpasok sa elementarya.

LIBRE

Ipapaliwanag ng dating punong-guro gamit ang slide-show at guidebook.

Ipapalabas ang buhay-paaralan at ipapaliwanag ang mga bagay na dapat ihanda bago magpasukan,（Multilingual at nakarubi ito）. Para sa detalye i-tsek ang website o flyer.


Kailan：Enero 25, 2025（Sabado）1:30pm-4:00pm

Saan：Hall ng Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki

Halaga：LIBRE（Mayroon tagasalin at paalaga. Kailangan ng reserbasyon）

Makipag-ugnayan; Tel.(044-435-7000), bumisita, reservation-form, e-mail：soudan39@kian.or.jp

Reserbasyon ay sa QR code



*******************************************************************************************

## Ika-30 Nihonggo speech contest para sa mga dayuhang mamamayan

Maaring sumali ang mga dayuhang mamamayan, manggagawa, estudyanteng nag-aaral ng Nihonggo sa lungsod ng Kawasaki! Sumali na at makilahok sa Nihonggo Speech contest（Kailangan ng rekomendasyon mula sa paaralan o opisina）.

Naghahanap ng lalahok

Petsa at oras：Pebrero 8, 2025 (Sabado) 1:00pm-4:30pm
(May pulong-pulong pagkatapos ng contest)

Lugar：Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki

Deadline： Enero 14, 2025（Martes）

※Para sa detalye, makipag-ugnayan sa Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki.

QR para sa entry




*******************************************************************************************

## Mini-meeting！Tingnan, dinggin, at damhin ang tradisyunal na instrumentong musika(Koto)

Sa pagkakataong ito、ang Nakahara-ku ang pangunahing aktibo sa pagbabahagi ng koto na grupong "Kotone-bito". Maaring makisabay sa mga Koto performers na kumanta at sumubok o tumugtog ng instrumento. Pwedeng sumubok kahit sino！Halina na at sumali.

Kailan：Disyembre 21（Sabado）2:00pm-4:00pm

LIBRE

Saan：Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki ※First come-first served.100-katao

*******************************************************************************************

## Movie-screening！ Gusto mo bang sumamang manood ng「Ariran Rhapsody」?

Isang dokumentaryo na nagpapatunay ng paglitaw ng *harmoni*（Lola sa wikang Korea）unang henerasyon na dumating at nanirahan sa Kawasaki.

Petsa：Enero 11, 2025（Sabado）1:00pm-4:00pm（12:30pm magbubukas）

Tanggapan：Nob. 15（Biyernes）mula sa website ng asosasyon gamit ang form.

Lugar：Hall ng Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki

Admission Fee：¥660

Kapasidad：200 katao（paunahan）

May short talk si direk Seong-un Kim

May mga pagbati at aawit rin ang mga Harmoni na lumabas sa pelikula.

QR para sa entry



Disyembre 2024 - Enero 2025 Issue（Inalabas sa Nobyembre）Inilabas ng dibisyon ng pamumuhay ng Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki フィリピノ語版

# Medikal emergency center

**Magpatingin agad, huwag magtiis kapag biglaang nagkasakit sa pista-opisyal ng bagong taon!**

24 oras 365 na araw、andito ang mga emergency clinic na maaring pagpating



Operator guidance ☎ 739-1919 Automated voice guidance ☎ 739-3399

◆ Tumawag ng ambulansya kapag malala ang sakit（☎119）.

◆ Para sa hindi emergency at walang transportasyon papunta sa medikal na pasilidad, nagbibigay din kami ng mga impormasyon ng mga taxi at pribadong ambulansya.

※Hindi kasama ang impormasyon ng dentista, konsultasyong medikal at covid-19.

Tingnan ang website ng lungsod para sa bukas na emergency clinic sa holiday mula **Dec. 3（Lunes）- Enero 3（Biyernes）** https://www.city.kawasaki.jp/350/page/0000017115.html

*************************************************************************************

# Pangongolekta ng basura sa pagtatapos at pagbubukas ng taon.

**Mangyaring tingnan ang petsa ng koleksyon ng basura ng bawat lugar.**

◆ Hanggang **Disyembre 30 (Lunes)** ang pagkokolekta ng ordinaryong basura at recylable.

◆ Magsisimula ang regular na koleksyon ng basura sa Enero 4, 2025（Sabado）.

◆ Para sa malalaking basura, kailangan ng aplikasyon. Mag-apply 3 araw bago ang araw ng koleksyon.

Gayunpaman、mula disyembre 31 - enero 3、sabado at linggo ay hindi magkokolekta ng basura.

〈Paraan ng pag-apply〉 •Internet： Sa website ng Kawasaki City（Kailangan magparehistro）o

Tumawag sa Sodai Gomi call center 044 -930-5300 o 0570-044-530（8:00am - 4:45pm）

*************************************************************************************

# Pakunsultahan ng mga dayuhan sa Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki

**Huwag mag atubiling lumapit kung may problema sa pamumuhay at kung may nais itanong.**

(Libre) MAARI DIN KOMUNSULTA SA ZOOM ONLINE!

Telepono 044-455-8811
Oras ng konsultasyon 9:00am-5:00pm
※Sarado tuwing linggo, araw ng pasilidad（3 beses sa 1 taon）at mula12/29～1/3

Parehistro sa online

Website ng Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki

**Maaaring komunsulta kahit wala sa tsart a o wala sa araw ng inyong wika(gamit ang interpreter hotline)**

| Wika | Araw | Wika | Araw |
|---|---|---|---|
| Ingles | Lunes-Sabado | Intsik | Lunes-Sabado |
| Portugis | Martes • Biyernes | Espanyol | Martes • Miyerkules |
| Korean/Tsosen | Martes • Huwebes | Filipino | Martes • Miyerkules |
| Betnamis | Martes • Biyernes | Taylandis | Lunes • Martes |
| Indonisya | Maryes • Miyerkules | Nepalis | Martes • Sabado |

Libreng Konsultasyon ng Gyousei-Shoshi (Admistrative Scrivener)

Tuwing ikatlong linggo ng buwan •Ang konsulta ay sa Nihonggo, Kung nais ng interpreter,may bayad.

Disyembre 15（Linggo）at Enero 19, 2025（Linggo）2:00pm - 4:00pm （2F Center activity room）